

# Salikhasik: Integratibong gawaing pananaliksik tungo sa pagpapaunlad ng mga kasanayang pampananaliksik sa mga asignatura sa senior high school

Layoc, Jhon Benedict L. ✉

Mataas na Paaralang Neptali A. Gonzales, Philippines ([jhonlayoc@gmail.com](mailto:jhonlayoc@gmail.com))



ISSN: 2243-7703  
Online ISSN: 2243-7711

Received: 25 July 2023

Revised: 14 August 2023

Accepted: 25 August 2023

OPEN ACCESS

Available Online: 25 August 2023

DOI: 10.5861/ijrse.2023.48

## Abstract

Ang kilos-pananaliksik na SalikHasik: Integratibong Gawaing Pananaliksik Tungo sa Pagpapaunlad ng mga Kasanayang Pampananaliksik sa mga Asignatura sa Senior High School ay naglalayong makapagHasik ng mga Saliksik ang mga mag-aaral sa tulong ng integratibong mga gawain upang mapaunlad pa ang mga kasanayang pampananaliksik gamit ang Project SalikHasik. Gamit ang focus group discussion, nakakalap ng mga datos mula sa mga mag-aaral at natugunan ang ugnayang mag-aaral-nilalaman, mag-aaral-guro, at mag-aaral-mag-aaral. Nakita na mas naunaawaan ang pagbuo ng pananaliksik, napagaan ang gawaing pananaliksik at natamo ang mga kasanayan ng mga mag-aaral. Sa patuloy na paggamit ng integrasyon ng mga asignatura bilang pagtataya, natutuhog nito ang mga kasanayang mayroong lamang iisa o pare-parehong awtput para sa bawat asignatura. Nang dahil dito, nagkakaroon ng pokus ang mga mag-aaral sa nilalaman ng paksang-aralin, nakabubuo ng isang gawaing pagtataya ang mga guro at napaiigting pa ang kolaborasyon ng mga mag-aaral sa nasabing gawain.

**Keywords:** integratibong gawain, pananaliksik, kasanayan, integrasyon, pagpapaunlad ng mga kasanayan

**Abstract:** This action research SalikHaSik: Integratibong Gawaing Pananaliksik Tungo sa Pagpapaunlad ng mga Kasanayang Pampananaliksik sa mga Asignatura sa Senior High School aims to sow different research to the students with the help of integrative tasks to develop the competencies in research with the use of Project SalikHaSik. Using the focus group discussion, the gathered data from the students shows the relationship of student-content, student-teacher, and student-student (Moore, 1989). It is found that students seen to have more knowledge in writing a research, made research work easier for them, and they have acquired the research competencies. In the continuous usage of integrative tasks as assessment, the competencies in different subjects that has the same output are skewed. Thus, the students are focusing more on the content of the subject matter, the teachers can craft one assessment task, and the collaboration of the students were intensified through the integrative tasks.

**Keywords:** integrative tasks, research, competency, integration, development of competencies

## 1. Introduksiyon

**Suliranin at Kaligiran** - Nang magsimula ang K to 12 Basic Education Program sa bisa ng Saligang Batas 10533, ito na ang isa mga pinakamalaking reporma sa larangan ng edukasyon ayon sa DepEd (2019). Kaakibat ng pagbabagong ito ay ang mga asignaturang tutugon sa pangngailangang matamo ang mga kasanayan at maiangkop ang mga mag-aaral na Pilipino sa pamantayang global (Villanueva et al., 2017) lalo na sa Senior High School. Ilan sa mga ito ay ang mga kasanayang pampananaliksik na makikita sa mga asignatura sa baitang 11 hanggang 12. Dahil maraming mga asignaturang mayroong mga kasanayang pampananaliksik, naaangkop ang mga ito sa paggamit ng integratibong gawain gamit ang magkakaugnay na kasanayan sa iba't ibang asignatura (Titov et al., 2019). Kaugnay nito, sinabi ng DepEd (2020), "*Assessment should be holistic and authentic in capturing the attainment of most essential learning competencies*". Ang gawaing integratibong pagtataya ay tumutumbok sa holistiko at tunay na pagtataya upang matamo ang mga magkakaugnay na kasanayang pampananaliksik.


Sa kasalukuyang kalagayan kinahaharap ng edukasyon sa bansa (distance learning), kailangang bigyang pansin ang ugnayang (1) mag-aaral-nilalaman; (2) mag-aaral-guro; at, (3) ugnayang mag-aaral-mag-aaral (Moore, 1989) mula sa pag-aaral ni Petras (2012). Tinutumbok ng ugnayang mag-aaral-nilalaman ang pag-unawa at pananaw sa paksang tinatalakay na mayroong kaugnayan sa pagtamo ng mga kasanayan. Binigyang diin ni Moore (1989) na malaki ang gampanin ng mga guro sa pagpapanatili ng interes sa mga aralin at kailangang malinaw ang pagplaplano ng guro. Ang pagbuo ng mga integratibong gawain ay isa sa mga hakbang upang mas lalong magkaroon ng motibasyon sa pagbuo ng pananaliksik ang mga mag-aaral. At sa tulong nito, maisasama ang ugnayang mag-aaral-mag-aaral. Ang mga ugnayang ito ay makatutulong sa pagbibigay-susog sa pagpapaunlad ng mga kasanayang pampananaliksik.

Kaugnay nito, ang integratibong gawain ay maihahanda ang mga mag-aaral na matamo ang mga magkakaugnay na kasanayang pampananaliksik (Villanueva et al., 2017) at magbibigay ito ng daan na maisabuhay o mailapat sa tunay na hamon ng gawaing pananaliksik upang maging ganap at holistiko ang pagkatuo ng mga mag-aaral (Vu, 2014). Upang maisakatuparan ang paglalapat at holistikong pagkatuto, ang kilos-pananaliksik na ito ay tatangkaing tugunan ang nabanggit na pangangailangan gamit ang SalikHaSik: Integratibong Gawaing Pananaliksik. Susubuking makapag**Hasik** ng mga **Saliksik** ang mga mag-aaral sa tulong ng integratibong mga gawain upang mas mapaunlad pa ang mga kasanayang pampananaliksik at sisikaping makabuo ng mga integratibong gawain na magbibigay resulta sa mga pananaliksik at pagtamo ng mga kasanayang pampananaliksik. Sa pamamagitan nito, tutugunan ang pangangailangang pampananaliksik ng mga mag-aaral ng Senior High School sa Mataas na Paaralang Neptali A. Gonzales.

**Inobasyon, Intervention at Estratehiya** - Bilang tugon sa pangngangailangang suliranin, kinakailngan ng LAC session ng mga guro na nagtuturo ng mga asignaturang pananaliksik o mga asignaturang mayroong kasanayang pampananaliksik. Sa pamamagitan nito, matataya at maiisa-isa (competency mapping) ang mga kasanayang magagamit at maiiangkap sa integratibong gawain. Kaakibat nito ang pag-iisip at pagplaplanong gawain para sa mga magkakaugnay na kasanayan gayundin ang magiging awput ng mga mag-aaral para sa integratibong gawaing mabubuo.

Bukod sa pag-uugnay ng mga kasanayang pampananaliksik, isa sa mga hangarin ng gawain ay ang pagpapatuloy/pagtutulay ng mga gawain at awput sa bawat semestre (unang semestre at ikalawang semestre) at bawat baitang (11 baitang at 12 baitang). Hindi dapat natatapos lamang sa isa o dalawang asignatura sa loob ng isang semestre ang gawain. Ang mga awput na mabubuo ay maaring gamitin at muling paunlarin pa sa mga susunod na asignatura/semestre na mayroon pa ring mga kasanayang pampananaliksik. Dahil dito, maiiwasan ang paulit-ulit na pagbuo ng mga magkakaparehong awput na tumutubok sa magkakaibang asignaturang mayroong magkakaugnay na kasanayang pampananaliksik. Sa pamamagitan nito, mas mahihikayat at mapatitibay ang motibasyon sa pag-aaral (Moore, 1989; Petras, 2012) at pagpasa ng mga gawain ng mga mag-aaral. Natutuhog nito ang mga kasanayan sa iba't ibang asignatura gamit ang integratibong gawain na mayroong kaisahang awput mula sa mga mag-aaral. Ang programang SalikHaSik: Integratibong Gawaing Pananaliksik ay tutugong sa mga nasabing kahingian.

Inilalatag sa susunod na pigura ang daloy ng gawain sa pagsasakturan ng SalikHaSik: Integratibong Gawaing Pananaliksik.



*Pigura 1.* Daloy ng SalikHaSik: Integratibong Gawaing Pananaliksik

Ipinapakita sa pigura 1 ang magiging daloy ng integratibong gawaing pananaliksik. Kailangang tipunin ang mga magkakaugnay na kasanayang pampananaliksik sa tulong ng LAC session ng mga guro. Buhat nito, bubuo ng mga integratibong gawaing pananaliksik na nakaangkla sa mga magkakaugnay na kasanayan upang makabuo ng papel-pananaliksik ang mga mag-aaral at iba pang mga awput na tumutugon sa mga kasanayan. Sa pamamagitan nito, natutulugan ang mga mag-aaral na mapagaan ang gawain sa loob ng klase dahil magkakaugnay ang mga kasanayan sa iba't ibang asignatura na maaaring magkatulad lamang ang mga ipapasang awput. Ang mga mabubuonawput ay itutuloy at itutulay sa mga susunod na mga asignaturang mayroong mga kasanayang pampananaliksik. Maaaring paunlarin na lamang ang mabubuonawput gayundin ang mga integratibong gawain.

**Paglalahad ng Suliranin ng Kilos-Pananaliksik:**

Ang kilos-pananaliksik na ito ay mayroong hanggaring paunlarin at palawigin pa ang mga papel-pananaliksik ng mga mag-aaral sa Senior High School ng Mpnag. Mula rito, tutugunan nito ang

sumusunod na suliranin:

- Ano-anong mga asignatura ang may kasanayang pampananaliksik na maaring magkaroon ng integrasyon? a. Ano-anong mga kasanayan ang maaaring magkaroon ng integrasyon? b. Ano-anong mga gawain pangklase ang maaaring iangkop/gamitin para sa integrasyon?
- Ano ang maaaring maging implikasyon ng paggamit ng integratibong pananaliksik sa mga kasanayang pampananaliksik?
- Gaano kaepektibo ang paggamit ng SalikHaSik: intergratibong gawaing pananaliksik sa mga asignaturang pampananaliksik at mga asignaturang may kasanayang pampananaliksik?

## 2. Metodolohiya

***Mga kalahok at iba pang pinagmulan ng datos*** - Ang kilos-pananaliksik na ito ay isasagawa sa mga mag-aaral ng grade 11-STEM strand, academic track, bilang paunang tangka sa gawaing integratibong pananaliksik. Sa tulong ng mga gurong nagtuturo ng mga asignaturang pananaliksik gayundin ng mga asignaturang pampananaliksik, maiisa-isa at mahihimay-himay ang mga magagamit na mga kasanayan tungo sa integratibong gawaing pampananaliksik.

***Paraan ng pangangalap ng datos*** - Ang SalikHaSik: Integratibong Gawaing Pananaliksik Tungo sa Pagpapaunlad ng mga Kasanayang Pampapananaliksik sa mga Asignatura sa Senior High School ay gagamit ng Focus Group Discussion (FGD) upang makakalap ng mga datos mula sa mga impormante. Ayon sa Herd Team (2016), ang FGD ay pangangalap ng mga impormante na mayroong parehong kaligiran at karanasan upang matalakay ang paksa. Inaalam ng FGD ang persepsyon at opinion ng mga impormante kaugnay sa mga suliranin ng pananaliksik. Sa pamamagitan nito, malalaman ang implikasyon ng paggamit ng integratibong pananaliksik sa mga kasanayang pampananaliksik at malalamang kung epektibo ba ang paggamit ng SalikHaSik: Intergratibong Gawaing Pananaliksik sa mga asignaturang pampananaliksik at mga asignaturang may kasanayang pampananaliksik.

***Paraan ng pagsusuri ng datos*** - Mula sa mga makakalap na datos gamit ang FGD, isasatitik, aanalisahin/susuriin, at bibigyang pagpapakahulgan ang mga ito (Herd Team, 2016) kung naisakatuparan o natugan ang mga suliranin.

***Pagplaplano sa pagpapakalat at paggawa*** - Sa pamamagitan ng Learning Action Cell (LAC) session ng mga guro, maisasakatuparan ang mapping ng mga kasanayang pampananaliksik na gagamitin sa Project SalikHaSik. Tutumbukin sa LAC ang mga layunin, gawain, pagtataya at ang kilos-pananaliksik. Magkakaroon din ng oryentasyon ng mga mag-aaral para sa gawain. Sa pamamagitan nito, magagabayan ang mga mag-aaral sa kanilang gagawin. Matapos, isasagawa na ang focus group discussion sa mga mag-aaral upang makakalap ng datos. Ang proyekto ay mayroong pagtataya o pampinid na gawain para mataya ang kakalabasan ng proyekto.

## 3. Resulta at Pagtalakay

### 3.1 Mga asignaturang mayroong kasanayang pampananaliksik na maaring magkaroon ng integrasyon

Gamit ang Learning Action Cell ng mga gurong kasapi bilang pag-alam sa mga asignatura at kasanayang mayroong pampananaliksik, nailatag sa talahanayan ang mga ito at naisa-isa ang mga kasanayang maaaring gamitin sa Project SalikHaSik. Narito sa talahanayan ang mga asignatura kasama ng mga kasanayang pampananaliksik nito na maaaring gamitin sa Project SalikHaSik.

## Talahanayan 1

### *Mga asignatura at mga kasanayang pampananaliksik nito*

Pagbasa at Pagsusuri sa Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik	Practical Research 1	Reading and Writing Skills	Media and Information Literacy
Nasusuri ang ilang halimbawang pananaliksik sa Filipino batay sa layunin, gamit, metodo, at etika sa pananaliksik F11PB – IVab – 100	States research questions CS_RS11-IIIc-e-4	Distinguishes between and among techniques in selecting and organizing information brainstorming list graphic organizer topic outline sentence outline EN11/12RWS-IIIa-2 EN11/12RWS-IIIa-2.1 EN11/12RWS-IIIa-2.2 EN11/12RWS-IIIa-2.3 EN11/12RWS-IIIa-2.4	Puts into practice their understanding of the intellectual property, copy right, and fair use guidelines MIL11/12LESI-IIIg17
Nabibigyang kahulugan ang mga konseptong kaugnay ng pananaliksik (Halimbawa: balangkas konseptwal, balangkas teoretikal, datos empirikal, atbp.) F11PT – IVcd – 89	Presents written statement of the problem CS_RS11-IIIc-e-7	Identifies properties of a well-written text a. organization b. coherence and cohesion c. language use d. mechanics EN11/12RWS-IIIgh-4 EN11/12RWS-IIIgh-4.1 EN11/12RWS-IIIgh-4.2 EN11/12RWS-IIIgh-4.3 EN11/12RWS-IIIgh-4.4	Explains copyright, fair use, etc. vis-a-vis human rights MIL11/12LESI-IIIg20
Naiisa-isa ang mga paraan at tamang proseso ng pagsulat ng isang pananaliksik sa Filipino batay sa layunin, gamit, metodo, at etika ng pananaliksik F11PU – IVef – 91	Writes coherent review of literature CS_RS11-IIIj-f-4	Identifies the unique features of and requirements in composing texts that are useful across disciplines a. Book Review or Article Critique b. Literature Review c. Research Report d. Project Proposal e. Position Paper EN11/12RWS-IVdg-12 EN11/12RWS-IVdg-12.1 EN11/12RWS-IVdg-12.2 EN11/12RWS-IVdg-12.3 EN11/12RWS-IVdg-12.4	
Nagagamit ang mga katwirang lohikal at ugnayan ng mga ideya sa pagsulat ng isang pananaliksik F11WG – IVgh - 92	Chooses appropriate qualitative research design CS_RS11-IVa-c-1		
Nakabubuo ng isang maikling pananaliksik na napapanahon ang paksa F11EP – IVij - 38	Relates the findings with pertinent literature CS_RS11-IVd-f-3		
	Draws conclusions from patterns and themes CS_RS11-IVg-j-1		
	Formulates recommendations based on conclusions CS_RS11-IVg-j-2		
	Relates the findings with pertinent literature CS_RS11-IVd-f-3		

Kaakibat ng talahayan ang mga gawain pangklase ang maaaring iangkop/gamitin para sa integrasyon para sa Project SalikHaSik:

- Research Outline/Burador
- Final Research Outline
- Mga kaugnay na literatura at pag-aaral

- Kabuoang kabanata ng I, II, at III.

Masusing hinimay at minapa ng mga gurong kasapi ang mga kasanayang gagamitin sa nasabing proyekto at nakapaglagom ng mga gawaing magkakaunay na tumutugon sa mga kasanayang pampananaliksik.

### 3.2 *Implikasyon ng paggamit ng integratibong pananaliksik sa mga kasanayang pampananaliksik*

**Impormante 1:** “Mayroong kaugnayan ang lahat ng mga asignaturang kasali sa proyektong SalikHaSik. Sa Practical Research 1, naiisa-isa ang mga bahagi ng pananaliksik. Sa Pagbasa at Pagsusuri sa Iba’t Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik mas naintindihan pa at napalalim pa ang paggawa ng bawat bahagi ng pananaliksik. Natatalakay naman sa Statistics and Probability ang mga sarbey na gagamitin sa pagsasagawa ng pananaliksik. Tinutumbok naman ng Reading and Writing Skills ang pagbuo ng maayos na estruktura ng mga pangungusap na makatutulong sa pag-ayos ng gramatika sa loob ng pananaliksik.”

**Impormante 2:** “Naging magaan ang gawaing pananaliksik dahil nagkaroon ng integrasyon ng mga asignatura. Imbis na tig-isang awput ang gagawin naming sa bawat asignatura, naging isa nalamang.”

**Impormante 3:** “Napadali ang gawain namin dahil isang awput na lamang ang gagawin sa apat na asignatura. Magiging daan din ito upang magpursige kaming mga mag-aaral dahil kung hindi kami nakagawa ng pananaliksik, apat na asignatura ang maapektuhan. Kung makagagawa naman kami ng pananaliksik, tiyak na awtomatikong may grado na kami sa iba pang mga asignatura.”

Mula sa mga nakalap na datos sa mga impormante, mababanaag ang mga naging implikasyon ng paggamit ng integrasyon sa mga asignatura sa pamamagitan ng Project SalikHaSik. Ang proyektong ito ay nakatulong sa mga impormante (mga mag-aaral at mga guro) na mapagaan ang gawain nila. Bagaman napagaan ang gawain, natumbok naman ang mga kasanayang kabilang sa bawat asignaturang kasapi. (*tingnan ang talahanayan 1*) Binigyang diin pa na ang gawaing ito ay mayroong epekto hindi lamang sa isang asignatura, kung hindi pati na rin sa lahat ng mga asignaturang kasali rito. Magkakaroon ng epekto sa grado ng mga mag-aaral sa bawat asignatura kung bubuo sila ng pananaliksik o hindi.

Gamit ang integrasyon ng mga gawain, natutugan din nito ang ugnayang (1) mag-aaral-nilalaman; (2) mag-aaral-guro; at, (3) ugnayang mag-aaral-mag-aaral (Moore, 1989) mula sa pag-aaral ni Petras (2012). Nakuha ng mga mag-aaral ang pag-unawa at pananaw mula sa ugnayang mag-aaral-nilalaman (Moore,1989) mula sa pag-aaral ni Petras (2012) sa paksang tinatalakay sa pagtamo ng mga kasanayang pampananaliksik. Mababanaag ito gamit ang integrasyon ng mga kasanayang pampananaliksik at integratibong gawain mula sa Project SalikHaSik. Natumbok ang mga kasanayang pampananaliksik gamit ang integratibong gawain. Mas napatibay ang pag-unawa at pananaw sa mga paksang-aralin mula sa iba’t ibang asignatura gamit ang nasabing proyekto.

Napagtibay rin ng integratibong gawaing pananaliksik ang ugnayang mag-aaral-guro. (Moore,1989 at Petras, 2012). Nakapag-isip ng integratibong gawain at nakakalap ng mga kasanayang ginamit ang mga guro na tumutugon sa ugnayang ito. Sa pamamagitan nito, mas lalong napupukaw ang interes ng mga mag-aaral sa pagbuo ng mga awput at pagtamo ng mga kasanayang pananaliksik. Sa huli, nabigyang diin din ang ugnayang mag-aaral-mag-aaral (Moore,1989) mula sa pag-aaral ni Petras (2012). Napagtibay ng Project SalikHaSik ang kolaboratibong gawain ng mga mag-aaral. Napatunayan ito sa paggamit ng mga asignatura ng iisang awput o integratibong gawain na makaaapekto sa grado ng mga mag-aaral sa bawat asignaturang kasapi sa proyekto.

### 3.3 *Ang epektibo ng paggamit ng SalikHaSik: intergratibong gawaing pananaliksik sa mga asignaturang pampananaliksik at mga asignaturang may kasanayang pampananaliksik*

**Impormante 1:** “Naging epektibo dahil natamo ang mga kasanayan sa iba’t ibang asignatura gamit ang integratibong awput.”

**Impormante 2:** “Mas lalong na-iimprove at epektibo ang gawain dahil naituro na sa Practical Research 1 at muli pang naituro sa Pagbasa at Pagsusuri sa Iba’t Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik tapos nagagabayan pa ang aming gramatika sa tulong ng Reading and Writing Skills.”

**Impormante 3:** “Sobrang epektibo. Bawat asignatura napagtutuunan nang pansin ang mga specialization. Sa PR1 at Pagbasa ay ‘yung content ng pananaliksik, sa Reading and Writing ‘yung structure ng grammar at research report, at sa Stats naman ay paggamit ng hypothesis.”

Naihahanda ang mga mag-aaral na matamo ang mga magkakaugnay na kasanayang pampananaliksik (Villanueva et al., 2017) at magbibigay ito ng daan na maisabuhay o mailapat sa tunay na hamon ng gawaing pananaliksik upang maging ganap at holistiko ang pagkatuo ng mga mag-aaral (Vu, 2014). Nailapat sa Project SalikHaSik ang holistikong pagkatuto ng mga mag-aaral. Nakatuon lamang sa mga paksang-aralin na tumugon sa mga kasanayang pampananaliksik. Ang mga nabuong integratibong gawain ang nagpapatunay na naging holistiko ang pagkatuto gayundin ang ganap na pagtamo ng mga kasanayang pananaliksik sa bawat asignaturang kasali sa Project SalikHaSik. Naging epektibo ang gawain sa mga layunin nito na magkaroon ng intergasyon ang bawat asignaturang mayroong kasanayang pampananaliksik, mapagaan ang gawain ng mga mag-aaral gayundin ang mga guro at natugunan ang pangangailangang pananaliksik ng mga mag-aaral.

#### **4. Lagom ng natuklasan, kongklusyon at rekomendasyon**

**Lagom ng Natuklasan** - Naisa-isa ang mga asignaturang kabilang sa integratibong gawaing pananaliksik na Project SalikHaSik. Nahimay rin ang mga kasanayang gagamitin para sa gawain. Bilang implikasyon sa mga guro, nakatulong ang gawain sa kanila na mapagaan ang gawaing pagtataya gamit ang nabuong integratibong gawaing pananaliksik na tumutugon sa pangangailangang pananaliksik ng mga mag-aaral. Gamit ang gawaing ito, napagtibay ang ugnayang mag-aaral-nilalaman, mag-aaral-guro, at mag-aaral-mag-aaral sa mga mag-aaral. Bilang implikasyon ng gawain sa mga mag-aaral, mas lalong naunawaan ang paksang tinatalakay sa pananaliksik, napagaan ang gawaing pananaliksik, natuguan ang pagsunod sa estrukturang panggramatika at natamo ang mga kasanayan. Napamalas ng gawain ang epektibo nito nang mapaagaan pa lalo ang gawain ng mga mag-aaral gayundin sa mga guro. Ang pagbuo ng integratibong gawaing pananaliksik bilang pagtataya sa iba’t ibang asignatura ay nakatutulong higit sa pagtamo ng mga kasanayan ng mga mag-aaral.

**Konklusyon** - Ang paggamit ng integratibong gawaing pananaliksik ay nakatutulong sa mga mag-aaral at mga guro. Natataya nito ang kung natatamo ba ng mga mag-aaral ang mga kasanayan ng bawat asignatura. Nang dahil dito, nagkakaroon ng pokus ang mga mag-aaral sa nilalaman ng paksang-aralin, nakabubuo ng isang gawaing pagtataya ang mga guro at napaiigting pa ang kolaborasyon ng mga mag-aaral sa nasabing gawain. Malaki ang epekto ng paggamit ng integratibong gawain sa mga mag-aaral dahil nakasalalay rito ang magiging grado nila. Kung makabubuo ng awput, mabibigyang grado na ang mga asignaturang kasali sa integratibong gawain. Kabaliktaran, kung walang awput na mabubuo ang mag-aaral, makaaapekto ito sa kabuoang grado ng bawat asignaturang kabilang sa gawain. Nang dahil ito, mapaiigting pa at mapagtibay ang paggawa at pagpasa ng mga mag-aaral ng awput na tumutugon sa bawat kasanayang pananaliksik ng iba’t ibang asignatura.

**Rekomendasyon** - Mula sa mga natuklasan at konklusyon, dapat pang paigtingin ng mga guro ang ganitong klaseng gawain upang higit na makatulong sa mga mag-aaral pati na sa mga guro. Isa-isahin pa ang mga asignaturang mayroong mga kaugnayan sa isa’t isa at himayin ang mga magkakaugnay na kasanayan hindi lamang sa mga asignaturang tumutumbok sa pananaliksik gayundin sa iba pang mga asignatura. Ipagpatuloy at itulay ang gawain sa mga susunod pang semestre at antas. Hindi lamang dapat nagtatapos ang gawain sa isang semestre o sa isang antas. Marapat na itulay pa ito upang makuha ang benipisyo ng paggamit ng integratibong gawain bilang pagtataya sa mga magkakaugnay na asignatura.

**Action Plan:**

LAYUNIN	GAWAIN	PAGSASALARAWAN
Maihahanda ang mga mag-aaral na matamo ang mga magkakaugnay na kasanayang pampananaliksik upang makabuo ng pananaliksik	Oryentasyon sa mga mag-aaral. Paggabay sa mga awput na binubuo ng mga mag-aaral.	Ang oryentasyon para sa mga mag-aaral ang magbibigay gabay sa kanila ng kanilang gagawin. Kailangan ng pagsubaybay ng mga guro sa pagbuo ng pananaliksik upang mataya kung natatamo ba ang mga kasanayang pampananaliksik.
Makabuo ng integratibong gawaing pananaliksik na tutugon sa mga magkakaugnay na kasanayang pampananaliksik	LAC session ng mga gurong kasapi	Sa pamamagitan ng LAC session ng mga guro, makabubuo ng mapping ng mga kasanayang mayroong kaugnayan sa isa't isa bilang pagtugon sa pangangailangang pananaliksik.
Matugunan ang pangangailangang pananaliksik ng mga mag-aaral	Pampinid na gawain: Research Festival ng mga mag-aaral	Ang pampinid na gawaing ito ay presentasyon ng mga nabuong pananaliksik ng mga mag-aaral. Ito na rin ang huling pagtataya ng mga guro para sa kani-kanilang asignatura.

**5. Sanggunian**

- Deped. (2020). *Deped Order no. 31 s. 2020 – Interim Guidelines for Assessment ang Grading in Light of the Basic Education Learning Continuity Plan*.  
[https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/10/DO\\_s2020\\_031.pdf](https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/10/DO_s2020_031.pdf)
- Deped. (2019). *Deped Order no. 21 s. 2019 – Policy Guidelines on the K to 12 Basic Education Program*.  
[https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/08/DO\\_s2019\\_021.pdf](https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/08/DO_s2019_021.pdf)
- HERD Team. (2016). *Focus Group Discussion*. Retrieved from  
[https://www.herd.org\\_np/uploads/frontend/Publications/PublicationsAttachments1/1485497050-Focus%20Group%20Discussion\\_0.pdf](https://www.herd.org_np/uploads/frontend/Publications/PublicationsAttachments1/1485497050-Focus%20Group%20Discussion_0.pdf)
- Moore, M. G. (1989). Three Types of Interaction. *The American Journal of Distance Education*, 3(2), 1-7.  
<https://doi.org/10.1080/08923648909526659>
- Petras, J. (2012). E-Filipino: Ang Pagtuturo at Pagkatuto ng/sa Wikang Filipino Sa Sistemang Open and Distance Learning. *DALUMAT E-Journal*, 3(1-2). <https://ejournals.ph/article.php?id=6215>
- Titov, S., et al. (2019). Integrative Assessment Framework in Blended Learning. *TEM Journal*, 8(3), 768-774.  
<https://doi.org/10.18421/TEM83-10>
- Villanueva, V. et al. (2017). Lahok-Linang: Pagtataya sa mga Gawain ng Kapisanang Diwa at Panitk (KADIPAN) Taong Panuruan 2016-2017 Bilang Integratibong Lunsaran sa Paglinang ng mga Makrong-kasanayang Pangwika Tungo sa Pagpapataas ng Pakikilahok sa mga Gawaing Pang-organisasyon. *MALAY*, 30(1), 52-69.  
<https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-30/1/5-villanueva.pdf>
- Vu, T. T. (2014). Designing Integrative Assessment to Enhance Student Learning for their Future. *AARE-NZARE*. Retrieved from <https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED596772.pdf>